## Kuwento 6 : Si Naaman ang magiting na mandirigma

Talata sa Bibliya [2 Mga Hari 5:14]

**Kaya, pumunta rin si Naaman sa Ilog Jordan, at naglublob ng pitong beses gaya ng ipinagbibilin ng propetang si Eliseo. Nagbalik nga sa dati ang kanyang laman at kuminis ang kanyang balat, tulad ng kutis ng bata.**

Ang Aram ay ang kalapit na bansa ng Israel, si Naaman ay isang respetadong mandirigma sa Aram.
Gusto ng Hari ng Aram ang mandirigmang si Naaman, ngunit si Naaman ay mayroong ketong.
Ang ketong ay isang sakit na nagiging sanhi ng pagkawala ng pakiramdam ng isang tao nang tuluyan. Kahit na mawalan ng daliri, paa, o kilay ang isang tao, walang nararamdaman ang tao.
Sa bahay ng mandirigmang si Naaman ay naroon ang isang batang babae na lingkod sa Israel.
Ang batang babae ay naniniwala sa Panginoon. Isang araw, sinabi ng batang babae sa asawa ng mandirigmang si Naaman,
"Kung dadalawin sana ng aking panginoon ang propetang si Eliseo na nasa Samaria! siya ang magpapagaling sa kanyang ketong.
Si Propeta Eliseo ay nananalangin sa Panginoon para sa kanya." Sinabi ng asawa kay Naaman ang sinambit ng batang babae.
Kaya naman si Naaman ay umalis sa Israel. Ang mandirigmang si Naaman ay nagdala ng maraming regalo upang ibigay kay propeta Eliseo.
Sa wakas, si Naaman at kaniyang mga tao ay dumating na sa tahanan ni Eliseo.
Ngunit si Eliseo ay wala dito. Ang Lingkod ni Eliseo ay dumating at nagsabi ng menshe ni Eliseo para kay Naaman.
"Linisin mo ang iyong sarili sa Ilog Jordan ng pitong beses, at ang iyong laman ay malilinis. "
Nagalit ang mandirigmang si Naaman. Ngunit sinabi ng kaniyang lingkod,
"komander, ang paglilinis ng iyong sarili sa ilog Jordan ng pitong beses ay madali lamang gawin.
Naparito ka.... Mas mabuting subukan mo ito."
Nakinig naman si Naaman sa kaniyang lingkod at nagpunta na sa Ilog Jordan.
Isa, dalawa, tatlo... Si Naaman ay naglinis na ng anim na beses ngunit walang nabago.
Ngunit, sa pang pito, may nangyari.
Ang mandirigmang si Naaman ay tuluyan ng gumaling sa sakit na ketong, Ang kaniyang mga sugat ay tuluyang naghilom at napalitan ng malinis na balat.
Simula ng araw na iyon, si Naaman ay naniwala sa Panginoon.





**Gawain 1.**

1. Gupitin ang marka sa gitna ng ilog. 2. Gupitin si Heneral Naaman na may ketong at walang ketong. 3. Idikit ang mga ito sa mga patpat. 4. Una, ilagay si Heneral Naaman, na may ketong, sa ilog at ilipat siya pataas at pababa pitong beses, pagkatapos ay palitan siya ng Heneral Naaman, na ngayon ay mas maayos ang kalagayan, tulad ng sa kuwentong natutunan natin ngayon.

Kagamitan: Pandikit, gunting, 2 ice cream stick





**Gawain 2.** Isipin kung ano ang natutuhan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.



• **Bakatin at kabisaduhin ang Bible verse. (2 Mga Hari 2:14)**

... Naging "malinis" ito"